REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MINDORO

TOMO XI - ISYU 2

HULYO - NOBYEMBRE 2022

EDITORYAL

# Digmang bayan ang bibigo sa paghahari ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II




**Nagngingitngit ang sambayanang Mindoreño sa paggunita sa ika-limampung taong deklarasyon ng Martial Law. Nananatiling buhay sa alaala ng mamamayan ang matinding pananamantala, pambubusabos at pang-aapi na naranasan nila sa ilalim ng pasistang diktadura ni Ferdinand Marcos Sr. Waring diklap pang gumagatong sa galit ng mga Mindoreño ang pagnanakaw sa halalan 2022 ng kanyang anak na si Ferdinand Marcos Jr.**

Lalo lamang nitong pinatitingkad ang kanilang pagsulong ng makatarungang paglaban upang makaalpas sa matinding pagdurusang nararanasan.

Hibang na hibang ang pamilya Marcos sa delusyon nilang mabubura ng pag-upo ni Marcos II sa estado poder ang kanilang mga kasalanan sa bayan. Sa loob ng higit dalawang dekadang paghahari ni Marcos Sr., dama ng mga Mindoreño ang ligalig na dulot ng kahirapan mula sa walang patid na pagsirit ng presyo ng bilihin lalo na ng langis at gasolina na ibayo pang pinatindi ng kawalang konsensya ng pamilya Marcos sa pangungulimbat ng pondo ng bayan. Tumaas ang tantos ng disempleyo at kulang sa trabaho sa kalunsuran, habang patuloy naman ang pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka sa kanayunan.

Pinaboran ng pasistang diktadurang Marcos ang mga kroni nitong burukrata, malalaking burgesya-komprador (MBK) at panginoong maylupa (PML) tulad ni Quintos, Sanggalang, at iba pang mga kakutsaba niyang nakinabang sa malawak na pastuhan at bukid sa isla habang libu-libong katutubong Mangyan at di-katutubong mga magsasaka ang nawalan ng lupa at kabuhayan. Inalpasan ni Marcos Sr. ang mala-halimaw na Philippine Constabulary (PC) na naghasik ng labis na teror at nangyurak sa karapatang pantao ng mga Mindoreño.

Tulad ng panahon ng naunang rehimeng Marcos, kasalukuyang pumapaimbulog ang presyo ng bilihin, langis, at gasolina. Nitong Setyembre, pumalo na ang implasyon sa 6.9%, pinakamataas na naitala mula noong Oktubre 2018. Tuloy-tuloy na lumobo ang utang ng bansa at sumahol ang kalagayan sa paggawa. Lalo lamang nitong dinagdagan ng pasanin ang sambayanan na hindi pa lubusang nakakabawi mula sa hagupit ng pandemyang COVID19.

Upang solusyonan ang krisis, walang kaabog-abog na ginaya ni Marcos Jr. ang palyadong plataporma at programa ng kanyang ama pagdating sa ekonomya. Nakabalangkas ang programang pangkaunlaran ng ilehitimong rehimeng Marcos II sa mga neoliberal na patakarang dikta ng imperyalismong amo nitong US.

Pangunahing hinambalos ang mga magsasakang Mindoreño ng mga neoliberal na patakaran sa agrikultura na mismong pinatupad ni Marcos na umuupo rin bilang kalihim ng Department of Agriculture (DA).

Pinanatili niya ang pamatay-dagok na Rice Tariffication Law (RTL) na isinabatas ng naunang kriminal na rehimeng US-Duterte na labis na nagpahirap sa mga magsasaka ng palay sa isla. Bulok itong nangangatwiran na may malaking kakapusan sa pagkain at suplay kaya't pinasahol nito ang importasyon.

Bukod sa RTL, patuloy na ipinatupad ang liberalisasyon sa iba pang produktong agricultural sa bansa. Pinabagsak nito ang presyo ng produktong bukid ng mga lokal na prodyuser dulot ng kompetisyon laban sa mas murang imported na produkto.

Resulta nito, bukod sa mga magsasaka sa palay, inilubog nito ang mga magsisibuyas, magbabawang, at mga manggagawa sa asinan sa Mindoro sa kumunoy ng kahirapan.

Tulad ng naunang diktador na si Marcos Sr., labis na pinaboran ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II ang interes ng mga kasosyo nitong MBK at PML sa pagtataguyod ng mga reporma sa pagbubuwis. Niluwagan niya ang koleksyon ng buwis ng mga naghaharing-uri habang pinapapasan sa mamamayang naghihirap ang dagdag buwis sa mga batayang produkto.

Higit pa, walang pakundangang kinaltasan ng rehimen ang ayuda at subsidyo para sa mahihirap habang malaking bulto ng pambansang badyet ang ilalaan para sa grandiyosong proyektong pang-imprastruktura sa ilalim ng Build Better More na sa esensya ay Private Public Partnership. Nakaamba rin ang pagsubasta ng rehimen sa yamang likas at rekurso ng bansa para magbigay daan sa dayuhang minahan at proyektong ekoturismo na ipinangangalandakan niyang bahagi ng kanyang programang pangkaunlaran.

Halimbawa nito ang Tamaraw Reservation and Expansion Project (TREP), isang proyektong ekoturismo ng lokal na gubyerno ng Occidental Mindoro kasabwat ang dayuhang BIOFIN at World Bank. Nagwawangis itong marangal at makakalikasang proyekto na magsasalba umano sa endangered na Tamaraw ngunit sa esensya ay pasakalye sa pagpasok ng minahan. Palalayasin nito ang libu-libong katutubong Mangyan sa kabundukan.

Katambal ng TREP ang aprubadong mga aplikasyon ng pagmimina ng natural gas ng dayuhang kumpanyang Pitkin Petroleum sa kabundukan sa hangganan ng San Jose at Rizal, Occidental Mindoro. Danas na ng mga Mangyan-Buhid na nananahan sa kabundukang ito ang panggigipit ng lokal na gubyerno, institusyon, at pasistang armadong pwersang AFP-PNP. Sa ngayon, pinupulong na ang mga katutubo at nililinlang para palabasin na may pahintulot ng mamamayan ang mapanalasang proyekto. Pinalalawak ang bakod at nagpapaskil na bawal nang magkaroon ng mga aktibidad na hindi pinahintulutan ng gubyerno.

Tulad ng kanyang ama, pinakawalan ni Marcos ang pasistang pulis at militar upang supilin ang paglaban ng mamamayang Mindoreño. Tigmak na ang dugo ng ilehitimong rehimen sa unang mga buwan pa lang nito sa puwesto.

Mula Hulyo hanggang Setyembre, naitala sa isla ang 2 kaso ng pamamaslang ng utak-pulburang AFP-PNP sa dalawang sibilyan, kung saan ang isa pa rito ay menor-de-edad. Kaalinsabay ng mga karumal-dumal na krimen, waring sirang plakang ipinagduduldulan ng mga berdugo na may kinalaman ang mga biniktima nito sa CPP-NPA upang bigyang matwid ang kanilang karahasan.

Sumasandig si Marcos II sa dahas at pagbibigay ng pabor sa mga korap na matataas na opisyal ng AFP-PNP at pagpapadala ng mga makabagong armas para dahasin at takutin ang mamamayang Mindoreño. Hindi malilimutan ng mamamayan ang teror na nadama mula sa walang pakundangang pambobomba na

## NILALAMAN


| | |
|---|---|
| Editoryal: Digmang bayan ang bibigo sa paghahari ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II | 1 |
| Matagumpay na TO ng NPA sa Mayangis, ipinagbunyi ng mamamayan! | 3 |
| Daan-daang Mindoreño ipinrotesta ang krisis sa kuryente! | 4 |
| RCSPO at ECLIP, palabigasan ng mga kurakot at pasistang 203RD BDE-PNP MIMAROPA! | 5 |
| Kabataang Mangyan, iligal na inaresto, bininbin at pinalalabas na NPA surrenderee ng AFP-PNP MIMAROPA! | 5 |
| Pulang Manggagamot ng Sambayanan | 6 |
| Panagutin ang teroristang 203rd Brigade sa walang habas na pamamaril at pambobomba sa Rizal, Occidental Mindoro! | 7 |
| ODKP Serye | 8 |
| Hindi pa pasko, patay-sindi na ang ilaw sa Mindoro! | 10 |
| Sa Likod ng Turil | 12 |
| Bantay Karapatan | 13 |
| Kultura | 14 |

inilunsad ng utak-pulburang 203rd Bde nito lamang Oktubre 18 na nanalanta sa mga komunidad ng katutubong Mangyan sa bayan ng Mansalay, Oriental Mindoro at sa mga magsasaka sa kapatagan ng Rizal, Occidental Mindoro nitong Nobyembre 6.

Walang aasahan ang mamamayang Mindoreño sa ilehitimong rehimeng Marcos II kundi teror at kahirapan. Kaya naman, lubos itong kinamumuhian at nilalabanan ng mamamayan. Kamakailan, nilabanan at pinapanagot ng mga lider Mangyan ang 4th IB, 203rd Bde sa kanilang ginawang pambubugbog at pagdukot sa isang Mangyan-Hanunuo. Tinututulan din nila ang paghaharang sa pagkain at pagkakampo ng mga militar sa kani-kanilang sityo.

Sa pag-igting ng krisis, lalo lamang sasandig ang mamamayan sa pagsulong ng digmang bayan na nakikita nilang tanging solusyon upang wakasan ang kahirapan. Malalim ang galit ng mamamayang Mindoreño sa pamilyang Marcos-Duterte. Ginagatungan at itinutulak nito ang mga Mindoreño upang lumaban at lalong yakapin at pasiglahin ang pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Napatunayan na ito nang ipundar ng mga makabayang kabataan ang binhi ng rebolusyonaryong kilusan sa isla sa gitna ng hagupit ng Martial Law.

Umani ng malalaking tagumpay ang masang magsasaka katuwang ang hukbong bayan sa paglalansag ng pastuhan ng mga kroni ni Marcos Sr. Pumutok ang pagkilos ng mga Mindoreño sa lansangan mula Mindoro hanggang Kamaynilaan na nag-ambag sa pagpapatalsik ng diktador na si Marcos sa pag-aalsang EDSA noong 1986.

Dapat na magsama-sama ang mamamayang Mindoreño at maglunsad ng lahat ng porma ng paglaban: hayag, lihim, armado, at di-armado. Patuloy na ilantad ang kainutilan ng rehimen at paglingkurin ang galit ng mamamayan sa pagpaparami, pagpapalakas, at pagpapalawak ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa kalunsuran at kanayunan.

Kaalinsabay, dapat na mapangahas na isulong ng mamamayan ang mga gitgitan at militanteng kampanya para sa kanilang demokratikong interes, pangunahin, ang paglulunsad ng rebolusyong agraryo ng mga magsasaka sa isla na nakabalangkas sa pagtatanggol sa kanilang karapatan sa lupa.

Ang pakikihamok ng mamamayan sa pasistang estado upang isulong ang kanilang demokratikong interes ay dapat maglingkod sa paglakas ng Bagong Hukbong Bayan. Magpasampa ng pinakamabubuting anak ng bayan sa BHB na magtataguyod ng makasaysayang tungkuling wasakin ang luma at nabubulok na reaksyunaryong gubyerno. Sa ganito lamang makakasibol ang tunay na demokratikong gubyernong bayan.

**BALITANG TO**

# Matagumpay na TO ng NPA-Mindoro sa Mayangis, ipinagbunyi ng mamamayan!

Nagdiriwang at nagpupugay ang mamamayang Mindoreño matapos ang matagumpay na pananambang ng mga Pulang mandirigma ng Lucio de Guzman Command-NPA Mindoro (LDGC).

Taliwas ito sa fake news ng 203rd Bde at PNP SAF na ang nasabing TO ay banta laban sa mga isinasagawang road projects sa mga barangay ng Carmundo, Sigange, at Tawas.

Isinagawa ng LDGC ang pananambang bilang paggawad ng rebolusyonaryong hustisya sa mga biktima ng nagpapatuloy na FMO at RCSPO sa bayan ng Bongabong at mga karatig bayan nito. Naganap ang ambus bandang ala-una ng madaling araw sa So. Mayangis, Brgy. Malitbog, Bongabong, Oriental Mindoro noong Hunyo 8.

Sa nasabing labanan, nagtamo ng 11 kaswalti ang mga pasista kung saan 4 ang KIA habang 7 ang WIA.

Wala namang tinamong kaswalti ang hanay ng Pulang mandirigma na nagsagawa ng aksyong militar.




Sa kahihiyan ng kanilang pagkatalo sa labanan, nagawa pa ng mga berdugong magpakalat ng pekeng balitang labanan at siraan ang mga NPA na di umano ay mga kontra sa proyektong kalsada. Subalit, hindi napigilan ang pagkalat ng balita ng matagumpay na TO sa mga masang Mindoreño. Nagpasalamat ang mga mamamayan sa LDGC sa kanilang pamamarusa sa mga palalong sundalo at pulis.

Makakaasa ang mamamayang Mindoreño na magpapatuloy ang lahat ng mga yunit sa ilalim ng Lucio de Guzman Command-NPA Mindoro sa pagtatanggol at ubos-kayang bibigwasan at bibiguin ang mga kampanyang supresyon at pasistang atake ng pasistang 203rd Bde. at PNP MIMAROPA," ani Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng LDGC.

BALITA

# Daan-daang Mindoreño ipinrotesta ang krisis sa kuryente!




Halos 100 residente mula sa San Jose, Occidental Mindoro ang naglunsad ng kilos protesta upang ipanawagan ang batayang karapatan sa kuryente noong Hulyo 17.

Tatlong oras nagmartsa ang mga miyembro ng "Samahan ng mga Konsumer sa Occidental Mindoro" upang ilantad ang pagtitiis ng mga mamamayan sa madalas at mahahabang brownouts na nararanasan sa probinsya.

Dekada nang tinitiis ng mamamayan ng Mindoro ang kakulangan ng suplay sa kuryente. Karaniwang nakakaranas ito ng 5-6 oras ng scheduled brownouts, hiwalay pa sa 12-14 oras ng mga brownout na hindi inanunsyo (intermittent brownouts). Sa kabuuan, 17-20 oras ang brownout na nararanasan ng mga konsumer na ayon sa grupo ay malaking abala sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.


Lalo pa itong sumidhi sa pagsasara ng Occidental Mindoro Consolidated Power Corporation (OMCPC) ang power distributor ng probinsya, noong Hunyo 25. Nagbunsod ito ng 48 oras na brownout na nakaapekto sa higit 80,000 konsumer.

Ayon sa National Democratic Front of the Philippines - Mindoro (NDFP-Mindoro) ang nararanasang krisis sa kuryente sa isla ay bunsod ng pagpapatuloy ng mga neoliberal na patakaran ng mga rehimen. Sa ilalim ng neoliberal na patakaran, lansakang ipinapaubaya ng estado ang mga susing industriya tulad ng sektor ng kuryente sa mga malalaking burgesya-kumprador (MBK), mga malalaking negosyante at burukrata.

Nagiging kalakal ang serbisyo publiko at yutilidad tulad ng kuryente at imbis na serbisyo ay ginagamit ito upang magkamal ng tubo.

"Pangunahing dapat mapanagot sa krisis na ito ang kriminal na rehimeng US-Duterte at ang utusang asong si Alfonso Cusi na nasa gabinete niya bilang kalihim ng Department of Energy (DOE) kasama ang mga kasabwat nila sa lokal na gubyerno sa Mindoro. Isang kahihiyan si Cusi na isang Mindoreño sa sinapit ng isla na walang kaparis na krisis sa kuryente sa panahong nasa departamento siya ng enerhiya. Imbes na unahin ang interes ng bansa at ng Mindoreñong noon pa ma'y iniinda na ang krisis sa kuryente mas ipinauna nito ang tutok sa Regional Task Force To End Local Communist Armed Conflict (RTF-ELCAC) na walang inatupag kundi maghasik ng teror at labagin ang karapatang pantao ng mga Mindoreño," ani Ka Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDFP-Mindoro.

Nanawagan din ang rebolusyonaryong grupo ng pagsalig sa renewable energy bilang alternatibong mapagkukunan ng kuryente bilang tugon sa nararanasang krisis sa kuryente sa isla. Ayon sa NDFP-Mindoro, sagana ang Mindoro sa renewable energy na kapag nagamit nang maayos ay sasapat sa pangangailangan ng mga




"Sa pangunahin, nararapat na isabansa ang industriya ng enerhiya. Dapat hawakan ito ng estado at mamamayan para tiyaking mapaglingkod sa interes ng sambayanan ang industriya. Hindi dapat itong ipaubaya sa mga dayuhang monopolyo kapitalista at malalaking burgesya kumprador, na ang nasa unahan ay pagkaganid sa tubo at hindi serbisyo. Dapat na paglaanan ng institusyonal na suporta ng pamahalaan ang siyentipikong pananaliksik, pagpapaunlad at pagmaksimisa sa malinis na enerhiya o green energy na matatagpuan sa isla."

Pinakahuli, nanindigan ang tagapagsalita na ang pangmatagalang solusyon sa krisis ay pagtangan ng mamamayan sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) na siyang wawakas sa daantaong kahirapang nararanasan ng sambayanan.

"Bahagi ng programa ng DRB ang paghawak ng mga mamamayan sa mga susi at istratehikong industriya tulad ng enerhiya, kasama na ang pananaliksik at pagdebelop nito, upang mailuwal ang magagaan at mabibigat na industriya na kailangan sa pag-unlad ng bansa at kung saan ang mabigat at batayang industriya ang nangungunang salik ng ekonomya at ang magaang industriya bilang tulay sa pagitan ng mabigat na industriya at ng agrikultura." pagtatapos ng tagapagsalita.

**BALITA**

# RCSPO at ECLIP, palabigasan ng mga kurakot at pasistang 203rd BDE-PNP MIMAROPA!

Isang buwang isinailalim ng 203rd Bde at PNP MIMAROPA sa RCSPO ang barangay Malitbog, Sta. Cruz, Bukal, Sigange, Carmundo, at Tawas sa Bongabong, Oriental Mindoro matapos ang matagumpay na aksyong militar ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command - NPA - Mindoro sa So. Mayangis, Brgy. Malitbog noong Hunyo 8.

Ginipit ang mga residente, pinagbantaan na ikukulong, at pilit na pinaratangan ang mga itong supporter ng CPP-NPA-NDFP. Sapilitang nagkampo ang mga pasistang tropa sa mga barangay hall ng mga nasabing baryo kung saan nila inilunsad ang mga ilegal na interogasyon, panggigipit at intimidasyon sa mga residente. Pinilit nila ang mga ito na pumirma sa isang kapirasong papel at kinuhaan ng litrato bilang tanda umano ng kanilang pagsuko at paglilinis ng pangalan.

Ayon sa mga biktima, hindi selyado ng kahit anong opisina o ahensya ng reaksyunaryong gubyerno ang papel na pilit pinapirmahan sa kanila. Dagdag pa, walang natanggap na pera ang mga ito mula sa ibinabanderang ECLIP ng rehimen.

Ang malala pa, kahit na mga naipatawag na sa barangay ay pinuntahan pa rin ng mga pasistang sundalo at elemento ng PNP SAF ang bahay ng mga ito at pinagkukuhaan ng litrato ang loob at labas nito. Daan-daang residente ang naapektuhan sa pagkakampo ng mga militar.




"Kinukurakot ng matataas na opisyal ng 203rd Bde at PNP-MIMAROPA ang malaking pondo ng ECLIP. Nagkukumahog silang sapilitang mapasuko ang laksa-laksang magsasaka sa buong isla ng Mindoro para kumita nang malaki," ani Ka Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDFP - Mindoro.

Matapos ang mga indibidwal na pagpapatawag at interogasyon, tinipon ng mga pasista ang mga taumbaryo at tinalakay ang Anti-Terror Law at ECLIP upang lasunin ang isipan ng mga mamamayan. Tinakot nila ang mga ito na pwedeng kasuhan kung mapag-alamang may kaugnayan ang mga ito sa rebolusyonaryong kilusan o tumulong sa porma ng pagbibigay ng pagkain at tubig sa mga Pulang mandirigma.

"Dapat magkaisa ang mga mamamayan upang ilantad at labanan ang mga pasistang pakana ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA at tutulan ang pagtatayo ng kampo militar sa loob ng mga sityo. Panagutin ang mga pasista sa kasalanan nito sa mamamayang Mindoreño," pagtatapos ng tagapagsalita.

**BALITA**

# Kabataang Mangyan, iligal na inaresto, bininbin at pinalalabas na NPA surrenderee ng AFP-PNP MIMAROPA!

Iligal na dinakip at pinalalabas na NPA surrenderee si Raffy "Pingping" Bago, isang kabataang Mangyan, ng pinagkumbinang pwersa ng AFP at PNP sa Brgy. Bonbon, Mansalay, Oriental Mindoro.

Papunta sa koprasan noong umaga ng Nobyembre 9 si Pingping, 19 taong gulang at isang kabataang estudyante, nang makasalubong niya ang nag-ooperasyong pwersa ng AFP-PNP MIMAROPA.

Dito na siya iligal na dinakip at bininbin maghapon habang iniinteroga ng mga berdugong pwersa kahit malinaw na walang kasalanan o paglabag sa batas ang kabataan. Kinunan pa siya ng litrato ng mga sundalo at pulis.

Noong araw ding iyon, nakasalubong naman ng nag-ooperasyong sundalo at pulis ang iba pang katutubong Mangyan at ipinakita ng mga ito ang litrato ni Pingping na ipinangalandakan nilang NPA surrenderee.

Kilala nila si Pingping at alam nilang hindi siya NPA ngunit dahil sa takot na pagbintangan din sila at saktan ay hindi na nakapangatwiran.

Ang ganitong klase ng pandarahas ng AFP at PNP-MIMAROPA at paglabag nito sa karapatang tao ng mamamayan ay patunay lamang na nagpapatuloy ang pasistang tradisyon at paghahasik ng teror ng mga reaksyunaryong pwersa sa ilalim ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II hindi lamang sa mga katutubong Mangyan at Mindoreño, kundi maging sa iba pang panig ng bansa.

LATHALAIN

# Pulang Manggagamot ng Sambayanan

Isa ang Laniti sa matatatag na base ng rebolusyonaryong kilusan sa isla ng Mindoro. Sa kabila ng panggigipit at kampanyang supresyon ng pasistang armadong pwersa ng reaksyunaryong gubyerno, mahigpit ang pagkakaisa ng mga masa at hukbo rito upang itaguyod ang rebolusyonaryong gawain.

Labis ang pagpapahalaga ng mga masa sa BHB sa lugar na ito mula nang nabalikan ng mga kasama para sa gawaing pagpapalawak at pagkokonsolida. Kilala ang BHB sa mga masa ng Laniti hindi lang dahil sa magiting na pagtupad ng hukbo sa tungkulin nitong ipagtanggol ang mga tulad nilang api, kundi pati na rin sa maunlad at mapagkalingang serbisyong medikal na binigay ng Pulang hukbo sa mga mamamayan nitong matagal nang pinagkaitan ng serbisyong medikal ng reaksyunaryong gubyerno.

Isa si Tandang Polon sa mga masang nagtataguyod sa hukbo. Sa edad na 74 taong gulang, aktibo pa rin itong gumagampan ng gawain para itaguyod ang mga kasama. Hindi malilimutan ni Tandang Polon at kanyang pamilya ang pangangalaga sa kanya ng mga kasama mula noong nagpangita sila nito sa isang pulong pag-aaral.

"Hirap na si Tandang Polon maglakad noon. Tanda ko ngang isa siya sa naunang dumalo sa pag-aaral. Chineck up ko muna siya habang naghihintay kaming matipon ang mga estudyante namin," ani Ka Tippy, isang kasamang medik na nag-organisa sa sitio ni Tandang Polon.

"'Kasama, pagalingin niyo naman ako. Gustong gusto kong makalakad,' yan ang sabi niya sa akin. Hirap na nga siya noon sa tungkod niya. Biniro ko na lang si tatay, sabi ko sa kanya 'Hayaan mo, 'tay! Gagaling ka. Di lang lakad, takbo pa!"

Manas na ang kaliwang paa ng pasyente. Kwento ni Nanay Medy, asawa ni Tandang Polon, panahon ng pandemyang COVID19 nang mapansin nilang biglang natumba at nawalan ng malay ang matanda. Hindi alam ng mga kapamilya nito ang dahilan ng kanyang pagkatumba ngunit sa resulta ng check up ng mga kasama, lumabas na na-stroke ang pasyente.

Mula noon, tatlong buwan itong nakaratay sa kama. May malalaking peklat sa likod na sa pagsusuri ay bedsores mula sa matagal na pagkakahiga.


Mula sa inisyal na diagnosis matapos ang check up ay nagsagawa ng karampatang hakbangin ang mga kasama para kay Tandang Polon. Bitbit ang prinsipyo ng rebolusyonaryong gawaing pangkalusugan, naghanda ang mga kasama ng treatment plan, kasama rito ang pag-iskedyul ng mga session sa akupangtura, herbal na medisina, at paghimok sa matanda na maglunsad ng maliliit na ehersisyo na nasa kaya niyang gawin. Kasabay nito ang propaganda ng mga kasama kaugnay sa pangangalaga ng pamilya at ni Tandang Polon mismo sa kanyang sarili.

"Tatlong sessions ng akyu*, isang linggong straight na panggagamot. Talagang tiniyak ng mga kasama na magawa ang mga ito. Nakita naman ang laki ng pinagbago kay Tatay matapos ang mga session," masayang pagbabahagi ni Ka Tippy.

"Dati, hindi ko maiwanang mag-isa 'yang si Polon at walang nagbabantay. Mahirap, lalo kapag kailangan magtrabaho sa bukid. Pero, simula noong ginamot siya ng mga kasama, unti-unting nakakabangon at nakakapaglakad ang asawa ko. Ngayon nga ay kaya na niyang mag-igib ng isang galon ng tubig!" Ani Nanay Medy

Nagpasalamat ang mga taga-baryo sa mga kasama. Ayon

...itutuloy sa pahina 07



Pulang Manggagamot...p.6

sa kanila, nakakapag-ehersisyo na mag-isa si Tandang Polon at pwede nang iwanan mag-isa sa bahay.

"Mahalaga talaga ang paglubog ng mga hukbo sa masa upang bigyan ang mga ito ng serbisyong kinakailangan nila. Lalo na rito sa bundok na malayo sa akses sa batayang serbisyong pangkalusugan." paglalahad ni Ka Tippy.

Ang abot-kaya at lapat-sa-masang pamamaraan ng panggagamot ng mga Pulang doktor ng sambayanan ay bahagi lamang ng programa sa kalusugan na ipinapatupad sa loob ng demokratikong gubyernong bayan (DGB).

Dito, tinatamasa ng mga mamamayan ang kanilang karapatan sa serbisyong pangkalusugan.

Isinasalin rin ng mga hukbo ang kanilang kaalaman sa panggagamot sa mga masa upang matutunan ng mga ito ang wastong pamamaraan ng panggagamot.

Bahagi ng gawain ng mga Pulang doktor ay ang pag-oorganisa ng mga Barrio Medical Group (BMG) sa hanay ng masa na magtataguyod ng gawaing pangkalusugan sa loob ng kanilang lugar.

"Tanang buhay namin ni Polon, hindi kami makapagpagamot sa ospital dahil mahal. Wala kaming pera. Mabuti na lang nariyan ang mga kasama! Lalo naming naintindihan ang kanilang ipinaglalaban sa kanilang ginawa para sa amin. Hindi lang nila kami tinuruan ng bagong kaalaman, kinalinga nila kami sa panahong kailangan namin sila. Sila talaga ang tunay na hukbo ng mamamayan!" pagmamalaki ni Nanay Medy.


MGA KWENTO NI KA MADAAY

# Panagutin ang teroristang 203rd Brigade sa walang habas na pamamaril at pambobomba sa Rizal, Occ Mindoro!

**Dapat panagutin ang berdugong 203rd Brigade (Bde) sa patuloy na paghahasik ng terorismo sa mamamayang Mindoreño.**

Inistraping ng mga palalong militar ang kapatagan ng Barangay Limlim (Rizal), Aguas, at Pitogo ng Rizal, Occidental Mindoro, 01:00 ng madaling araw ng Nobyembre 6.

Nagpasabog ang mga ito ng 2 bala ng M203 na sinundan ng walang patumanggang pagratrat sa nasabing lugar. Tumagal ng halos sampung minuto ang istraping ng mga berdugo. Nagawa pang magpakalat ng mga ito ng kasinungalingang may labanan na naganap sa Sitio Sorong, Barangay Aguas, dahilan para magsagawa ng pamamaril sa nasabing barangay at karatig nito. Bago mangyari ang insidente, nag-anunsyo pa ang pasistang 68th IB na susubukan nito ang kanilang 50 caliber na baril sa mga residente.

Tinatayang halos 8,000 mamamayan ang lumikas, grabeng natakot at di makapunta sa kanilang sakahan dahil sa walang habas na pamamaril ng mersenaryong 203rd Bde.

Hanggang ngayon nagpapatuloy pa rin ang mabangis na operasyong militar ng humigit-kumulang 300 tropa ng pinagsamang 4th at 68th IB sa nasabing mga barangay at karatig.

Hindi pa man nakakabangon ang mga magsasaka, panibagong delubyo na naman ang hinatid ng utak-pulburang AFP sa mamamayan. Imbis na ilaan ang pera ng mamamayan sa ayuda para sa mga binagyo, ibinuhos ito sa bala at kanyon ng militar.

Kasuklam-suklam na sa panahon ng matinding paghihirap ng mga Mindoreño sa halos 40 milyong pisong pinsalang dulot ng nagdaang bagyong Paeng sa Occidental Mindoro, nagawa pa ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II at ng mersenaryong tropa nito na maghuramentado gamit ang kanilang mga baril para manira ng mga pananim at komunidad ng mga sibilyan.

Ikinatuwiran pa ng tagapagsalita nitong si Liway na ang mga atakeng inilunsad nila ay bahagi ng pagpigil ng pasistang militar sa nararamdamang presensya ng BHB sa kapatagan ng Rizal.

Ang totoo, ang mga atakeng ito ay tanda ng desperasyon ng 203rd Bde na makamit ang kanilang hibang na pangarap na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. Waring mga asong ulol silang itinututok ang kanilang mga baril sa mga sibilyan at sa mga sakahan ng mga ito sa ngalan ng kanilang "gera kontra terorismo"!

Ito na ang ikalawang malawakang pamumutok at pagpapasabog na inilunsad sa isla sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II. Una ay ang panganganyon noong Oktubre 18 sa kabundukan ng Mansalay, Oriental Mindoro na puminsala sa pamayanan ng katutubong Mangyan at nakaapekto sa higit 6,000 residente.

Dapat pagbayaran ng rehimen ang tahasang paglabag sa International Humanitarian Law (IHL) sa kanilang walang patumanggang pamamaril sa mga sibilyang komunidad. Sa kanilang pang-aapi sa mamamayan, ang 203rd Bde ang tunay na salot at terorista sa isla ng Mindoro!

Dapat kasuhan ang utusang asong 203rd Bde sa katauhan ng pinuno nitong si BGen. Jose Augusto Villareal sa panibagong krimen nito laban sa mamamayang Mindoreño.

Hindi rin abswelto ang kasalukuyang Gobernador ng Occidental Mindoro na si Ed Gadiano na masugid na tagapagtaguyod ng Provincial Task Force to End Local Communist Armed Conflict sa nasabing probinsya. Dapat tanggalan ng badyet ang militar at ilaan ito sa pagbabangon ng mga pamayanang sinalanta ng kalamidad at terorismo ng estado.

Ang pasistang paninibasib ng 203rd Bde at ng ilehitimong rehimeng US-Marcos II sa isla ay lalong magpapasidhi sa pagkamuhi ng mga Mindoreño sa malakolonyal at malapyudal na lipunan. Ito ang magtutulak sa kanila upang tahakin lalo ang makatarungang landas ng armadong pakikibaka. Makakamit ang tunay na hustisyang panlipunan para sa mga inaapi sa pamamagitan ng pagsusulong ng digmang bayan.

Asahan ang paggawad ng rebolusyonaryong hustisya ng LDGC-NPA-Mindoro sa mga palalong kaaway sa porma ng matatagumpay na taktikal na opensiba!

Panagutin ang teroristang 203rd Brigade!

Mamamayang Mindoreño, mag-armas! Sumapi sa BHB!

**SERYE TUNGKOL SA ORGANO NG DEMOKRATIKONG KAPANGYARIHANG PAMPULITIKA (ODKP)**

# Magpunyaging palakasin ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at itayo ang demokratikong gubyernong bayan sa mas maraming pook ng kanayunan!

## Ang Pagpapagana ng Komiteng Rebolusyonaryo ng Baryo (KRB)

Ang pinakamataas na awtoridad ng gubyernong bayan sa antas baryo ay ang pangkalahatang pulong ng taumbaryo. Tatawagin ang pangkalahatang pulong ng taumbaryo para ihalal ang KRB, o kaya'y para talakayin ang mga patakaran at proyekto ng alinman sa mga komite.

Ang KRB ang kumakatawan bilang lokal na organo ng demokratikong kapangyarihan sa antas baryo, ngunit habang hindi pa ito naitatayo ang mga komiteng pang-organisa ng baryo (KPB) o ang mga ganap na samahang masa (GSM) ang gagampan ng mga tungkulin ng KRB.

Karaniwa'y apat na taon ang panunungkulan ng komiteng rebolusyonaryo ng baryo o komiteng pang-organisa ng baryo. Gayunman, maaaring paikliin o pahabain ang panunungkulan kung ito ang disisyon ng nakakataas na kunsehong bayan (kung nakatayo na) o kaya'y maaaring lusawin o palitan ang kunseho o komite dahil sa petisyon ng mamamayan.

Ang komite o kunseho ay maaaring maghirang ng taong uupo sa nabakanteng pusisyon. Kailangang aprubahan ng nakakataas na komite o kunseho ang paghihirang na gagawin.

## Mga Tungkulin ng KRB

Ang mga sumusunod ang gagampanan ng KRB:

a) Magpatupad sa rebolusyonaryong programa ng reporma sa lupa. Tuluy-tuloy na pinalalawak at pinalalalim ng mga ODKP ang rebolusyong agraryo. Binibigyang laya ang mga samahang magsasaka na maisakatuparan ang kanilang kahilingan sa reporma sa lupa. Batay sa kasalukuyang lakas ng rebolusyonaryong kilusan, ipatutupad ang minimum na kahilingan sa reporma sa lupa sa malawakang saklaw

Ipatutupad ang pagpapababa ng upa sa lupa at pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid at itatakda ang makatarungang tantos ng interes sa pautang sa mga sonang gerilya. Paiiralin ang pinag-isang progresibong buwis na nagtatakda ng makatarungang buwis sa agrikultura at negosyo.

b) Suportahan ang pagpapabuti sa kabuhayan ng mga manggagawa, magsasaka, manggagawang bukid, mangingisda at iba pang anakpawis sa pamamagitan ng kontrol sa presyo sa mga produktong bukid at pagbibigay ng trabaho sa walang trabaho o walang sapat na trabaho; organisahin ang mga panimulang yunit ng kooperatiba (pangkat ng pagtutulungan at sistema ng palitang paggawa) at itataguyod ang bawat kilusan sa pagpapalayang pang-ekonomya ng sambayanan.

k) Mobilisahin ang mamamayan para sa digma. Organisahin ang mga yunit pandepensa sa baryo. Tumulong sa hukbong bayan para magsanay at magrekluta ng kabataan para gumampan ng tungkuling militar.

d) Ipatupad ang iba't ibang mobilisasyon at kampanyang masang antipasista at anti-imperyalista. Magtayo at magpatupad ng mga programa sa kalusugan, edukasyon, literasiya, kultura at isports.

e) Sugpuin, sa pakikipagtulungan sa milisyang bayan, ang mga sindikato ng pagnanakaw ng kalabaw, baka at iba pang hayop, pamimirata, panunulisan, pagtutulak at paggamit ng droga, pangingidnap at iba pang gawaing lumpen na bumibiktima sa mahihirap.

g) Tumulong sa lahat ng organisasyon at grupong bahagi sa pagbubuo ng pambansang nagkakaisang prente at ihiwalay ang mga pusakal na kaaway ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Sa pamamagitan ng mga komiteng rebolusyonaryo ng baryo itataguyod at palalakasin ang pamumuno ng mga maralitang magsasaka at mga manggagawang bukid at mga demokratikong pwersa hanggang mapahina o tuluyan nang mawalan ng saysay ang mga konseho ng baryo at iba pang institusyon sa baryo na itinayo ng reaksyunaryong gubyerno.

Ang KRB at ang samahan ng magsasaka sa baryo ay mamamahala sa lahat ng gawain kaugnay ng organisasyon, edukasyon, ekonomya, depensa, kultura at kalusugan; magpapatupad sa programa para sa reporma sa lupa; mag-oorganisa ng milisyang bayan; lalahok sa gawain ng hukumang bayan; mangungulekta ng buwis at boluntaryong kontribusyon; at magbibigay ng lahat ng suporta para sa simulain ng rebolusyon.

Magiging katuwang rin ang mga samahang masa ng kababaihan, kabataan, panggitna at iba pang positibong pwersa sa baryo.

## Ang patakarang 3/3 sa pagtatayo ng KRB

Sa pagtatayo ng mga KRB, ipinatutupad natin ang patakarang tatlong sangkatlo (3/3). Ibig sabihin, sa KRB — may karampatang representasyon ang Partido, batayang masa at panggitnang pwersa.

Sa KRB, ang naghaharing partido ay ang Partido Komunista ng Pilipinas; ang bag-as ng kapangyarihang pampulitika ay ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka; at ang mga organisasyong masa ay nagsisilbing baseng masa ng gubyernong bayan.

Dapat pagkalooban ng sangkatlo ng mga pusisyon ang mga progresibong hindi kasapi ng Partido dahil nakaugnay sila sa malawak na petiburgesya na mahalagang kabigin.




Dapat pagkalooban ng sangkatlo ng mga posisyon ang panggitnang seksyon (mayamang magsasaka, naliliwanagang panginoong maylupa at panggitnang burgesya) para maihiwalay ang mga sagadsarin.

Ang layunin natin sa paglalaan ng sangkatlo ng mga pusisyon ay hindi matitigas na kota na mekanikal na pinupunan; ang mga ito'y ang humigit-kumulang na proporsyon na dapat ilapat ng bawat lokalidad ayon sa partikular nitong mga katangian.

Sa pinakamababang antas, maaaring baguhin nang kaunti ang proporsyon para mapigilan ang mga panginoong maylupa at despotiko na makapasok sa mga ODKP.

## Ang mga subkomite sa ilalim ng KRB

Ang mga subkomite para sa organisasyon, edukasyon, ekonomya, depensa, at kalusugan ang tiyak na itatatag sa ilalim ng komiteng rebolusyonaryo ng baryo.

a) Ang subkomite sa organisasyon ay mamamahala sa pagbubuo at pagkokoordina ng mga rebolusyonaryong organisasyon ng magsasaka (PKM), manggagawa, mangingisda, komersyante, kabataan, kababaihan, titser, bata, at aktibista sa kultura.

b) Ang subkomite sa edukasyon ay mamamahala sa pagpapa-unlad ng rebolusyonaryong kamulatang makauri, mangangasiwa sa mga iskwelahan (elementari at iskwelahang masa), at magtataguyod ng iba't ibang tipo ng aktibidad sa kultura.

k) Ang subkomite sa ekonomya ay mamamahala sa pagpapatupad ng reporma sa lupa, sa produksyon at kooperasyon, at sa pagkulekta ng buwis at boluntaryong kontribusyon na pangsuporta sa Demokratikong Gubyernong Bayan at sa Bagong Hukbong Bayan.

d) Ang subkomite sa depensa ay mamamahala sa pag-oorganisa ng milisyang bayan sa baryo, sa pagpapanatili ng kaayusang publiko at seguridad sa baryo, at sa paglaban sa mga kaaway ng mamamayan nang may koordinasyon sa Bagong Hukbong Bayan.

e) Ang subkomite sa kalusugan ay mamamahala sa kalinisang publiko, sa gawaing medikal sa baryo, at sa pagdadala ng mga maysakit at sugatan sa mga istasyong medikal o klinika.

Maaaring magtayo ng iba pang katuwang na subkomite ang KRB ayon sa nakikita nitong mga pangangailangan.

# *Hindi pa pasko, patay-sindi na ang ilaw sa Mindoro!*

**NDFP-MINDORO BULLETIN**



MULA KAY KA MA. PATRICIA ANDAL

**Nagpapatuloy ang patay-sinding suplay ng kuryente sa dalawang probinsya ng Mindoro. Nagdeklarang red alert ang Oriental Mindoro habang nagpapatuloy ang mahabang oras ng brown out sa Occidental Mindoro dahil sa kakapusan ng suplay ng kuryente.**

Sa buong isla umabot sa 23MW ang kakulangan dito (10MW sa Oriental habang umabot ng 13MW sa Occidental Mindoro). Regular na nagaganap ang nakaiskedyul na brown outs bukod pa ang dagliang pagkaputol ng kuryente sa di inaasahang oras.

Sa panahong ito kung saan batayang gamit ng lipunan at mamamayan ang kuryente sa araw-araw na buhay, maihahanay ang kuryente sa iba pang serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon, kalusugan, transportasyon at komunikasyon na dapat mahusay at abot kayang ibinibigay ng gobyerno sa mamamayang Pilipino.

Isinisisi ng mga burukrata sa pagsirit ng presyo ng panggatong dulot ng Gerang Russia-Ukraine ang diumanong dahilan nito. Kung susuriin ng mas malalim, epekto na lamang ito ng neoliberal na patakarang pribatisasyon na ipinatupad ng reaksyunaryong gubyerno sa industriya ng enerhiya sa bansa.

## Pribatisasyon sa ilalim ng EPIRA

Isa sa ugat ng pribatisasyon ng industriya ng kuryente ang pagsasabatas ng RA 9136 o Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) kung saan isinailalim ang buong sistema ng kuryente sa bansa mula 2001 sa kabuuang pangangasiwa ng Department of Energy. Sa batas na ito, ipinasaklaw sa Missionary Electrification (ME) ang mga Small Island and Isolated Grids (SIIG) at mga lugar na itinuturing na Remote and Unviable areas (RUA), kasama na ang isla ng Mindoro na hindi konektado sa mga establisadong distribution grids sa Luzon, Visayas at Mindanao.

Ang mga proyektong pang-enerhiya sa mga lugar na ito ay pinopondohan mula sa perang ibinayad ng mga mamamayang gumagamit ng kuryente sa tinatawag na Universal Charge for missionary electrification o UCME.

Mula 2003, ipinapatong ang halagang PhP 0.0373 bawat kilowatt-hour para sa UCME at PhP0.0025bawat kilowatt- hour naman bilang environmental charge sa lahat ng electrical bill. Sa ganito, malinaw na ang mga proyektong pang-enerhiya sa ilalim ng ME ay pinopondohan ng lahat ng nagbabayad ng kanilang electric bill bawat buwan.

Ganun pa man, sa EPIRA, itinakdang pribatisasyon ang ultimong patunguhan ng lahat ng ME projects. Matapos itayo ng NPC ang sistema ng kuryente sa isang eryang nasa ME, ibebenta naman ang mga ito sa mga pribadong negosyante na karaniwang mga malalaking burgesya-kumprador na ang nasa unahan ng interes ay kumita at hindi magserbisyo sa mamamayan.

Sa EPIRA, todong pribatisasyon ng sistema ng kuryente mula sa produksyon, transmisyon hanggang distribusyon ng kuryente. Ito ang batayan ng tagumpay upang masabing nakatitindig na sa sarili ang isang erya.

## Mahal na Presyo, Barat na Serbisyo

Ang isla ng Mindoro at Lubang ay klasipikadong saklaw ng ME sa ilalim ng NPC- SPUG. Kinategorya itong large area at nasa first wave area (FWA) ng prayoridad sa elektripikasyon.

Ang sistema ng kuryente sa MOR ay lubusan nang naipribatisa mula pa noong 2014. Ang mga pribadong kumpanyang ito na tinatawag na New Power Provider o NPP sa MOR ay ang Power One Corporation, Ormin Power, Inc., Mindoro Grid Corporation, DMCI Power Corporation at ang Sta Clara Power Corporation. Ang Philippine Hybrid Energy Systems,Inc (PHESI) ay imbwelto sa Renewable Energy sa pamamagitan ng paglikha ng enerhiya mula sa hangin sa planta nito sa Puerto Galera.

Ang ORMECO at Sta Clara naman ang may RE projects na nagpapatakbo ng hydro-electric plant sa Baco at Naujan. Sa ilalim ng RA 10531 o ang NEA Reform Act pinahintulutan ang mga utilidad sa distribusyon/ electric coops na umakto rin bilang suplayer ng kuryente. Nagsisilbing power producer din ang ORMECO sa pagtayo nito ng 3 hydro power plants – ang Dulangan Mini Hydro Power Plant, at ang dalawang planta ng Linaw Cawayan Mini Hydro Power Plant (Upper and Lower Cascade).

Noong Hunyo 2022, binigyan ng Certificate of Energy Project of National Significance (CEPNS) ni Energy Secretary Alfonso Cusi ang Power One Corp sa itatayo nitong Mindoro Harvest Project na magbibigay ng 9.7MW mula sa plantang gamit ang bunker -C fuel.

Inaasahang magsisimula na itong magsuplay mula Setyembre ngayong taon. Habang kapos ang mga IPPs sa pagbibigay ng kuryentte, obligadong balikatin ng mamamayan sa pamamagitan ng subsidy mula sa UCME ang paglikha ng kuryente sa Or Min na umaabot sa P4.5 milyong piso bawat buwan.

Ang Occidental Mindoro Electric Cooperative (OMECO) naman ay may nakuhang isang NPP – ang Mindoro Consolidated

Power Corporation (OMCPC) na isang subsidyaryo ng Emerging Powers, Inc na may kontratang magsuplay ng 24MW sa OMECO.

May dalawang proyekto ito na parehong pumalpak, una ay ang San Jose Bunker-fired Power Plant at ikalawa, ang Montelago Geothermal Power Plant ng Mindoro Geothermal Power Corporation na dapat magsisimulang mag-opereyt noong 2018. Hindi nakapagdeliver ang geothermal plant dahil lubusan ng inabandona ang proyekto matapos na hindi sumapat ang bolyum ng singaw para magpatakbo ng planta ng kuryente.

Dahil dito, kinapos ang OMCPC na ideliber ang kontrata nito sa OMECO. Sinikap pa nitong punuan ang kakulangan sa komitment na bolyum ng kuryente sa pamamagitan ng paggamit ng bunker-C fuel subalit nang sumisirit ang presyo ng panggatong lubusan na nitong hindi napunuan ang kontrata sa suplay.

Sa tulak ng malakas na pagkilos ng mamamayan laban sa patay-sinding kuryente sa OccMin, nangutang ang OMCPC ng P997-milyong piso mula sa UCPB (United Coconut Planters Bank) nitong Setyembre upang itayo ang 20MW na diesel na makina upang maideliber nito ang komitment sa OMECO.

Pinalala ang problema sa OccMin nang patawan ng penalty ang OMECO ng Energy Regulatory Commission (ERC) dahil diumano sa kabiguan nitong maglunsad ng bidding sa pagsuplay ng kuryente sa OccMin. Sa pasyang ito ng ERC, babalikatin ng OMECO ang kalahati ng subsidy na kinukuha sa UCME. Katumbas ito ng P258M na bayarin mula 2018 na tiyak na ipapasa nito sa mga konsyumer sa pamamagitan ng pagtataas ng singil sa kuryente. Wala na nga halos maipambayad sa buwanang singil sa kuryente, maoobliga pang pasanin ng mga taga-Occidental Mindoro ang dagdag na kalahati sa sinisingil sa kanila dahil sa pasyang ito ng ERC.

Kapalpakan ang pasyang ito na nagpapalala sa problema sa kuryente sa Occidental Mindoro at nagdagdag pahirap sa mga mamamayan sa probinsya.

## Ano ang puno't dulo ng problema?

Ang isang malinaw na dahilan ng problemang ito ay ang pribatisasyon ng isang susing serbisyo at imprastruktura na industriya ng kuryente na sa dapat hinahawakan ng estado.

Sa ganitong sistema, tiyak na uunahin ng mga kapitalista na makamit ang kanilang kanilang super tubo, imbes na unahin ang pagbibigay ng mahusay na serbisyong kuryente para sa mamamayan at sa bayan. Repleksyon lamang ito ng maling patakarang pang-ekonomiya ng bansa na nasa direksyon ng neoliberal na balangkas na idinikta sa atin ng IMF-WB, WTO at sa bilateral na relasyon sa mga imperyalistang bansa pangunahin na ang US, Japan, EU, at China.

Ugat din ang labis na pag-asa sa panggatong na krudo o langis na kontrolado din ng mga monopolyo-kapitalistang dayuhan. Ang mga ito ang nagtatakda ng direksyon ng industriya ng enerhiya at kuryente sa bansa.

Kumiling ito sa paggamit ng gatong na inaangkat natin sa mga kumpanya sa langis. Lahat ng mga plantang nagsusuplay ng kuryente ay nakaasa sa diesel o bunker-C fuel, liban sa hydro-power at wind-power na limitado pa ang kapasidad.

Sa ganito, masasabing hindi seryoso ang reaksyunaryong gubyerno na tupdin ang kanyang tungkulin sa pagpasok sa Paris Agreement noong 2015. Ang Paris Agreement ay kasunduan ng mga bansa na ang layunin ay pababain ang carbon emission sa kapaligiran upang pigilang tumaas na temperatura sa mundo. Kabilang na dito ang pagbabawas sa paggamit ng langis sa kuryente.

Nagtulak ito upang magbigay pansin sa mga renewable energy projects (REP's) o mga proyektong pang-enerhiya na hindi nakasisira ng kalikasan. Habang sinusuportahan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga REP's, kailangang tiyakin na ang mga ito ay hindi nakapipinsala sa kabuhayan at buhay ng mga mamamayan tulad ng masaklap na karanasan ng mga mamamayan sa Central MOR kung saan winasak ng pagbaha ang kanilang kabuhayan, tirahan at hindi iilan ang namatay dulot ng mapangwasak sa kapaligirang hydro-power project na itinayo ng Sta Clara Power Corporation sa bayan ng Naujan.

Dagdag pa, kailangang timbangin ang panukalang itayo ang ambisyosong Mindoro-Batangas Interconnection Project (MBIP) na magkokonekta ng Mindoro upang saklawin ng Luzon Grid na gagamitan ng submarine cable. Sa malayuang pagtanaw, tinitingnan din na ruta ang Mindoro upang ikonekta ito sa Panay Island para mabuo ang Luzon at Visayas bilang isang grid. Sisirain nito ang signipikanteng lawak ng corals na nasa coral triangle na tinaguriang center of marine biodiversity sa buong mundo.

Ang Mindoro ay mayaman sa enerhiyang makukuha sa kapaligiran. Kung seseryosohin ang pagpaunlad ng mga likas na pagkukunan ng enerhiya, maraming pamayanan lalo na ang mga eryang mahihirap, atrasado at remote (mabubundok o nahihiwalay) ang mabibigyan ng mura, likas, ligtas at sustenableng suplay ng kuryente. Kayang itayo ang maraming network na mapagkukunan ng kuryente mula sa maliiit hanggang malalaki gamit ang mga likas na yaman na ito. Kailangan itong hawakan at pangunahan ng estado sa pamamagitan ng pagsasabansa ng industriya ng kuryente katuwang ang mamamayan at mga tunay na makabayang negosyante. Para magawa ito, kailangan nakapwesto ang isang gobyernong tunay na nagmamalasakit sa kapakanan ng mamamayan at ng bayan. Isang gobyernong may pambansa-demokratikong programa na may sosyalistang perspektiba.

Ito ay kailangang ipaglaban natin ngayon at dalhin hanggang sa ganap na tagumpay!

LATHALAIN

# Sa Likod ng Turil

## *Ang Tunay na Mukha ng Tamaraw Reservation and Expansion Project*

Nilikha ng mga lokal na gubyerno sa Occidental at Oriental Mindoro, Department of Environment and Natural Resources (DENR) - Tamaraw Conservation Project (TCP), at ng dayuhang Biofin-World Bank ang nagkukunwang makakalikasang proyekto na Tamaraw Reservation and Expansion Project (TREP) upang gamiting tabing sa pagpasok at operasyon ng mga mapandambong na negosyo sa mina sa mga kabundukan ng isla.


Sa panimula, aabot sa 111,655 ektaryang lupa ang sasaklawin ng TREP. Saklaw nito ang mga bayan ng Mansalay, Bongabong, Bansud, Gloria, Roxas, at Pinamalayan sa Oriental Mindoro at Rizal, San Jose, Calintaan, at bahagi ng Sablayan sa Occidental Mindoro. Hindi pa kasama rito ang buffer zone na pwedeng umabot sa minimum na 2 kilometro mula sa naitakdang boundary ng protektadong erya

Sa ngalan ng pagpaparami ng maiilap na Tamaraw, higit limang libong pamilya o tinatayang 25,400 indibidwal ang napipintong palayasin ng reaksyunaryong gubyerno upang maisakatuparan ito.

Mula nang mabuo ang TREP ay naglunsad ang reaksyunaryong gubyerno ng mga aktibidad para ihanda ang mga lugar na sasaklawin ng proyekto. Noong 2019, ilang beses nag-abiso ang DENR-TCP na lalansagin ang mga pastuhan sa saklaw ng Brgy. Manoot, Rizal at Brgy. Monteclaro, San Jose para sa pagpapalawak ng erya ng mga tamaraw.

Kaakibat ng pagpapatupad ng TREP ang mararahas na hakbanging sagka sa kabuhayan at karapatan ng mga komunidad sa kabundukan. Pagpasok ng taong 2022, pinaghahakot na ng poste at alambre ang mga mamamayang saklaw ng mga pamayanan sa panabihan ng Ilog Cayacyan upang itayo ang bakod na maghihiwalay sa erya ng MIBNP at lupain ng mga residente. Pinagbawalan ang paglulunsad ng aktibidad ng mga sibilyan sa mga binakurang posisyon nang walang pahintulot mula sa mga katutubo, kahit na unti-unti na nitong sinasaklaw ang lupa ng mga katutubo.

Buwan ng Abril, inendorso ng DENR-TCP ang pagpapatanim ng napier bilang dagdag kabuhayan para sa mga residente ng mga sityong balak palawakan ng MIBNP, kalakhan ay sa pamayanan ng mga katutubong Buhid at Bangon. Bahagi ito ng pagpapatupad ng DENR-TCP ng unang yugto ng TREP: ang pagpapalawak ng lupaing gagamitin para di umano sa pagpaparami ng mga Tamaraw. Tusong inilako na programang pangkabuhayan ang pagpapatanim ng napier, na balak ibenta sa halagang 30 piso kada kilo, upang mas madulas itong tanggapin ng mga katutubong Buhid. Ang



pagpapatanim ng napier ay bahagi ng pagpapalawak ng ranching area ng MIBNP.

Samantala, matinding pang-aapi na ang nararanasan ng mga pamayanang katutubo na nasa palibot at loob mismo ng MIBNP.

Hirap nang mapakinabangan ang dapat sanang produktibong posisyon dahil binakuran na ng DENR ang lupang ninuno ng mga katutubo. Ang masaklap pa, sinisindak at binabaril ng armadong bantay ang sinumang magtatangkang pumunta sa mga posisyong kalapit ng parke. Binabantaan ng trespassing ang mga Mangyan na ang nais lang ay magkaingin sa kanilang sariling lupain.

Sa kasalukuyan, unti-unti nang nalalantad sa mamamayang Mindoreño ang tunay na mukha ng TREP. Lantaran nang pinupulong ng mga kinatawan ng lokal na gubyerno ang mga lider katutubo ng mga komunidad ng Mangyan upang papirmahin ang mga ito sa pagbubukas ng pagmimina ng natural gas. Nauna nang inaprubahan ng reaksyunaryong gubyerno ang aplikasyon ng pagmimina ng Petkin Petroleum, isang dayuhang kumpanya sa pagmimina.

Malinaw na hindi maglilingkod ang huwad na programang ito sa pangangalaga sa kalikasan at pagdami ng endangered na Tamaraw. Sa halip, lalong masisira ang lugar panirahan ng maiilap na hayop sa pagpapaubaya nitong masubasta ang likas na yaman ng isla sa dayuhang magmimina. Walang aasahang makabuluhang pagbabago para sa pagpreserba at pangangalaga sa buhay ilang sa Mindoro hangga't ang kasalukuyang gubyerno ay naglilingkod sa dayuhan at iilang naghaharing uri. Kailangang marubdob na makibaka para kamtin ang pinakasiyentipiko, mapagkalinga sa kalikasan at maka-mamamayang programa sa pangangalaga sa mga tamaraw.

***Kaakibat ng pagpapatupad ng TREP ang mararahas na hakbanging sagka sa kabuhayan at karapatan ng mga komunidad sa kabundukan.***

# 700 TAMARAW SA TAONG 2028

Layunin ng TREP na paramihin ang kasalukuyang populasyon ng Tamaraw (481) papuntang 700 sa taong 2028 at 2,200 sa taong 2050 upang matiyak ang *zero-possibility* na maglaho ang nasabing hayop.

## 4 LUGAR KUNG SAAN MATATAGPUAN ANG MGA TAMARAW

Mounts Iglit Baco National Park (MIBNP)
Upper Amnay Watershed Region (UAWR)
Aruyan-Malati Tamaraw Reservation (AMTR)
Mt. Calavite Wildlife Sanctuary (MCWS)

## PAGPAPALAYAS SA ORDINARYONG MAMAMAYAN

25, 400 indibidwal o katumbas ng 5,000 pamilya ang palalayasin ng TREP sa implementasyon nito.



Kalakhan ay galing sa pamayanang Mangyan.

## PANGINGIMI SA DAYUHANG MINAHAN

**Hindi sinama** ng gubyerno sa eryang protektado ang UAWR sa kabila ng pagiging krusyal nito sa reserbasyon at pagpaparami ng Tamaraw.

**Sa palibot ng UAWR matatagpuan ang operasyon ng mina ng dayuhang Intex (Canadian) at Pitkin Petroleum (British).**

## 115, 655 HA

Panimulang lawak ng lupa na sasaklawin ng TREP. Inaasahan pa ang paglawak nito habang iniimplementa ang programa.

**BANTAY KARAPATAN**

# NAGPAPATULOY NA PASISMO SA ILALIM NG ILEHITIMONG REHIMENG US-MARCOS II

**8,000 MAMAMAYAN** ang apektado sa **ISTRAPING** na nilunsad ng **68TH IB** sa kapatagan ng **RIZAL, OCCIDENTAL MINDORO** noong Nobyembre 6. Kasagsagan ito ng **ANIHAN** matapos ang pananalanta ng Bagyong Paeng.







**NILUSOB ANG BAHAY** at **BINUGBOG** ng 4th IB si **G. KITOT** at ang kanyang anak, mga Mangyan-Hanunuo, **RESIDENTE NG BRGY. PANAYTAYAN** noong **SETYEMBRE 22**. Inakusahan ng militar na nagtatago si G. Kitot ng baril ng BHB. Huli siyang nakita na nasa kustodiya ng militar.


**HANGGANG NGAYON, HINDI PA RIN SIYA NILILITAW NG 4TH IB.**

**KINANYON** ng 203rd Bde ang kabundukan ng **MANSALAY, ORIENTAL MINDORO** para **SUBUKAN ANG BAGONG HOWITZER** ng mga militar. **6,000 KATUTUBONG MANGYAN** ang nasalanta ng insidente.

**OCT 18**

## 2 KASO NG PAMAMASLANG sa UNANG APAT NA BUWAN ng ILEHITIMONG REHIMEN



## 9 SIBILYAN ang biktima ng ILIGAL NA PAG-ARESTO

6 sa mga ito ay **INAKUSAHANG MYEMBRO NG BHB.**

**KOMIKS**

# PATUNGKAB AT PUGAKANG

Sa isang bayan sa isla ng Mindoro na nilulusob ng 203rd Brigade...








## 203rd BRIGADE, SALOT SA MINDORO! MILITAR SA KANAYUNAN, PALAYASIN!

**KULTURA**

# MAYANGIS



Humuni ang mga ibon sa pambubulabog,
at kinaripas ang masaganang prutasan sa sentral ng mga pesteng kabog.
May mga gumagalang kaaway sa lugar, ulat ng masa.
Doon sa may balon, sa tabi ng tinawid nating kalsada.

Humanda ka't tayo'y mamamaniki,
at ang silo sa bayawak ay ating ikakabit.
Hindi boga ang ating dadalhin kaibigan.
Kasama, ihanda ang riple't eksplosibo't tayo'y makikipag-gitgitan

Kunin ang inisyatiba sa labanan,
huwag maging pasibo at bigwasan ang ating kalaban.
Saluhin ang moral ng mga kasamang pinagod ng mahabang lakaran.
Iparamdam sa masa na handang lumaban ang kanilang hukbong bayan.

Salamat sa masang mainit na tumanggap sa kanyang hukbo.
Dala ang mainit na kape at ulat ng kaaway na hindi malayo.
Salamat sa bagong giling na bigas, pansit, kape't asukal.
May pambaon na kami inay kami ri'y lalarga na't hindi magtatagal.

Marahang kumilos sa malayak na sagingan.
Tawirin ang ragasa ng ilog at suson ng mga bahayan.
Mabilis na tawirin ang kalsada patungo sa isa pang kalsada.
May drone na mababa ang lipad taasan ang pandama.

Dahilig na bungarngaran ang kublihan.
Tuloy-tuloy ang pagdiriwang ng pista ng baranggay.
Pagpatak ng ala-una ng madaling araw ang pagdaan ng motor at kargadong siks-bay
Na habang papalapit ay nag-menor at ambang magbababa ng kaaway.

Bumalik ang motor na tila nag-ulat na malinis ang harapan.
Bumukas ang pintuan, nalantad ang kaaway na sa loob ay siksikan.
Sa paghudyat ay ang sabayang putok at pinasabog ang explo.
At sinalo ng bukaskas na sasakyan ang granadang de riple.

Mabilis na natapos ang labanang puminsala ng malaki sa kaaway
Maliit man ang hukbo'y gawing paborable ang lahat ng bagay
Wastong estratehiya't taktika'y mahigpit na isabuhay.
Sa pagsalig sa masa palaging tiyak ang tagumpay!

# DITO SA MINDORO

*Tono mula sa Hari ng Tondo ni Gloc 9*

[Koro]

Dito sa Isla ng Mindoro
Maraming mga kwento
Ng mga paglaban para sa pagbabago
Para sa lupa at paglaya
Ng mga magsasaka
Halina't pakinggan ang istorya

Oh, Dito sa Mindoro
Dito sa Mindoro
Marami ng nag-alay ng buhay at dugo
Dito sa Mindoro
Dito sa Mindoro
Mayaman ang kasaysayan ng masa at hukbo

[Rap 1]

Dekada otsenta sa tala ng kasaysayan
Sumibol ang paglaban para sa kalayaan
Para sa itinaboy, sinindihan na ang apoy
Nagbabaga ang diwa na wawakas sa panaghoy
At kinanlong, mga biktima ng pandarambong
Libong ektarya'y nilansag at ang RA isinulong
Sa kamay ng iilan, mapang-abusong pastuhan
Mga panginoong maylupa ay tinaboy at pinarusahan ng
Bagong, Hukbong, Bayan, saba'y kasama mga lumalabang masa.
Ang mga mapanlamang
Sindikato na halang
Ay wala ring ligtas sa
Sa hustisya ng bayan.
Hanggang sa paglulunsad, ng mga opensiba.
Durugin ang mga kaaway na berdugo at pasista.
Sa payapa't saganang buhay pati sa demokrasya.
Sabay-sabay nating awitin ang kwento ng paglaya.
[Ulitin ang Koro]

[Rap 2]

Sinuong ang panganib sa kapatagan at sa sukal.
Saan man sa Occidental kahit pa dun sa Oriental.
Upang ikintal ang, ating pulang kapangyarihan.
Kasama ang Mangyan hanggang doon sa laylayan.
Marami ang natakot ngunit nanaig ang galit.
Na nais maging malaya kahit buhay ang kapalit.
Sa bayan na masangsang na syang sentro ng kaaway.
Na ang larawa'y kahirapan at bangkay na nakahandusay.
Umaawit subalit ang himig ay kalungkutan
Ng bayang sindilim ng hatinggabi ang kinabukasan
At sa pagdanak ng dugo sa lupa na tinirikan
at ang baril ay nakatutok sa tinampalasan.
Ang mga sinikil ay 'di na iindahin ang mga sugat
At sa muling pagtatapat ng taksil at nararapat.
Dadaluyong ang digma sa pagningning ng tatlong tala.
Ngayon tahakin mo na ang landas ng paglaya.

[Ulitin ang Koro]



**Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.**

**Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:**

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

*Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph*